direktang partisipasyon ng manggagawa tungo sa disenteng hanap buhay

Nagbago na ang panahon. Maging ang larangan ng paggawa ay nagbago kasabay ng panahon. Subalit ang mga pagbabagong ito ay di nakabuti sa manggagawa sa pangkalahatan. Nawawala na ang disenteng hanap buhay.

May limang milyong manggagawa ang walang trabaho.

Laganap ang tanggalan. Mangilan-ngilan lang sa mga natatanggal na ito ang nakakikita ng katumbas na trabaho.

Sa ngayon, pito na sa bawat sampu ang nagtratrabaho sa informal sector, kung saan salat sa proteksyon at malapit sa panganib ang manggagawa.

Kaalinsabay nito ang paglaganap ng kontraktwalisasyon at pansamantalang mga trabaho sa mga pabrika, opisina at serbisyo.

Dahil sa mga kalunus-lunos na kondisyong ito, napapawi na ang mga batayang karapatan sa trabaho.

Halos wala nang mabili sa minimum na sinasahod. Ang masaklap – anim sa bawat sampung empresa ay di nagpapasahod nang tama.

Sa ganitong kondisyon, araw-araw may 2,800 Pilipino ang napipilitang mangibang bayan, upang kumita nang sapat.

Kapalit nito ang maranasan na tila di bahagi ng lipunan, ang suliranin sa pakikisalamuha bilang dayuhan, diskriminasyon, ang lungkot na mawalay sa pamilya at masuong sa trabahong di naman laging disente at ligtas.

Sa kabila nito, sa bawat 100 na mahirap, 93 ang mayroong trabaho subalit salat naman sa kalidad ang trabaho nila.

Kadalasan sa informal sector at agrikultura ay di naipatutupad ang batas paggawa. Mababa ang uri ng trabaho kung kaya't mababa rin ang kita.

Kaya naman ang pagtuon sa trabaho ng 10-point program na nasa Medium-Term Philippine Development Plan ay kapuri-puri.

Bagamat nasa papel pa lamang, ito ay dapat bigyang buhay lalo na ang layuning magbukas ng pagkakataon sa trabahong makabuluhan na naninindigan sa kalayaan, pagkapantay-pantay, katiyakan at dignidad.

Ang pagpapatibay sa Philppine Decent Work Program ay bukod tanging panimula.

Ngunit di nagtatapos dito ang lahat.

Ang suliranin sa pananalapi ng bansa ay nangangailangan ng pangmatagalang solusyon, lalo na sa larangan ng mabuting pamamahala. Makikita ito sa sa pagsugpo sa smuggling; pagsupil sa katiwalian sa lahat ng antas; pagpapahusay sa pangongolekta ng buwis at pagpapataw ng karampatang parusa sa mga tax evaders; pagdagdag sa kita ng bansa mula sa taripa sa pamamagitan ng pagtigil sa patakarang unilateral liberalization; pagrepaso sa Oil Deregulation Law at pagbabantay laban sa di-makatarungang pagtaas ng presyo ng bilihin.

Dahil lugmok sa kahirapan, dapat pabilisin ang kaunlarang pangkabuhayan, habang tinutugunan ang problemang dala ng lumalaking populasyon.

Sa kagyat, anumang madagdag sa kaban ng bayan dahil sa buwis na buhat din sa pawis at dugo ng mamamayan ay dapat mapunta sa pagwawakas sa kahirapan at pagpuntirya sa mga ugat nito.

Kailangan ng dagdag na silid-aralan, de-kalidad na edukasyon at pagsasanay at mahuhusay na guro; mas malawak na saklaw ng pangkalusugan at social insurance, kasama na ang reporma sa SSS at GSIS upang di maubos ang pondo ng mga ito; abot-kayang pabahay; pagpapaluwag sa trapiko sa pamamagitan ng mas mahusay na pampublikong transportasyon; pagkakaroon ng kuryente sa kanayunan; at pagproporseso ng mga produktong agrikultural sa naturang lugar.

Susi sa lahat ng ito ang makabuluhang partisipasyon ng manggawa sa iba't ibang antas ng pamamahala. Nagsisimula ito sa pagpapatibay sa kanilang pangkabuhayang karapatan tulad ng dagdag na sahod at benepisyo, sa karapatan sa pag-uunyon at sa paglalagay ng mga kinatawan sa mga lupon at sangay ng gobyerno.

Ito ang maaliwalas na daan tungo sa kaunlarang pangkabuhayan at panlipunan at kapayapaang pampulitika sa ilalim ng demokrasya.

- Mayo 1, 2005